# SINUBOK NG DIYOS, NAPATUNAYAN SA PAGSUNOD

## A Lord's Flock Worship Service Topic

Ni: Sis. Techie Rodriguez

Agusto 22, 2026

Ang **pagsubok sa pagsunod** ay isang espiritwal o moral na pagsubok na naghahayag ng ating katangian. Sinusubok nito ang ating pagtitiwala, katapatan, at pagkusa na sumunod sa mga utos ng Diyos sa halip na sa sarili nating kagustuhan. Sa ating pamumuhay kasama ang Diyos, ang pagsunod ay ating pagkusa na magpasakop sa Kanyang kalooban, magtiwala sa Kanyang Salita, at pagsunod nang walang labis at walang kulang (kailan, saan at paano) hanggang sa ito ay lubusang matapos, sa kabila ng Kanyang mga pagsubok.




1. **Mga taong sinubok ngunit sumunod sa Diyos:**
   - 1.1 Si **Abraham** ay sumunod sa utos ng Diyos na ialay ang kanyang nag-iisang anak na si Isaac. **Ang tunay na pananampalataya ay sumusunod kapag hinihingi ng Diyos ang isang mahalaga sa atin (Gen. 22).**
   - 1.2 **Ang mga Israelita sa Ilang.** Nagbigay ang Diyos ng mga simpleng utos na kumuha lamang ng sapat na manna para sa isang araw. **Ang pagsunod ay nagtitiwala sa araw-araw na pagkakaloob ng Diyos (Exo. 16).**
   - 1.3 **Si Hesus sa Ilang.** Si Hesus ay tinukso sa loob ng 40 na araw. Pinili Niyang sambahin ang Diyos lang. **Ang tunay na pananampalataya ay pumipili ng pagsunod sa Diyos kaysa sa pansamantalang kasiyahan** (**Mt. 4).**
   - 1.4 Si **Noe** ay binalaan tungkol sa mga bagay na hindi pa nakikita, ngunit nagtayo ng isang arko para sa kaligtasan ng kanyang sambahayan. **Ang pananalig ay sumusunod kahit hindi pa natin ito nakikita (Gen. 7).**
   - 1.5 Nag-atubili si **Moses,** ngunit sumunod siya sa pamumuno sa mga Israelita palabas ng Ehipto. **Ang pagsunod ang nagpapakilos sa atin sa kabila ng takot (Exo. 3).**
   - 1.6 Sinabi ni Maria: *"Mangyari sa akin ang ayon sa iyong sinabi"* Lk. 1:38*).* **Ang tunay na pagsunod ay pagsuko sa kalooban ng Diyos.**
2. **DALAWANG URI NG PAGSUNOD**
   - 2.1 Ang **makabuluhang pagsunod** ay nagdadala ng kabutihan sa lipunan, kaligtasan sa tao, at tulong sa kapwa.
   - 2.2 **Ang mapaminsalang pagsunod** ay pagsunod kahit may kapahamakan.
3. **APAT NA TAGATAGUYOD NG PAGSUNOD**
   - 3.1 **Nakabatay sa Takot:** Takot na humarap sa negatibong kahihinatnan.
   - 3.2 **Nakabatay sa Gantimpala:** Sumusunod upang makakuha ng pagpapala (Lk. 6:38).
   - 3.3 **Nakabatay sa Tungkulin:** Kinikilala ang pananagutan ng tungkulin (Rom. 13).
   - 3.4 **Nakabatay sa Pagmamahal:** Pinapakilos ng tapat na pag-ibig sa Diyos (Jn. 14:15).
4. **Ang napatunayang pagsunod ay nagdadala ng**
   - 4.1 **masaganang pagpapala, tagumpay, at kasaganaan sa ating buhay na dadaloy hanggang sa ating anak at kapatid (Job 36:11).**
   - 4.2 **isang pusong naaayon sa puso ng Diyos.** Sa pamamagitan ng pagsunod, nahuhubog ang ating puso upang mapalapit sa Diyos (1 Sam).
   - 4.3 **mga himala mula sa Diyos.** Sa kasalan sa Cana, sinabi ni Maria sa mga katulong**, "Gawin ninyo ang anumang sasabihin Niya" (Jn. 2:5*).***
   - 4.4 **katunayan ng ating pagmamahal sa Diyos.** Sinabi ni Hesus: **"Kung Ako'y inyong iniibig, tutuparin ninyo ang Aking mga utos.**
   - 4.5 **karapatang makapasok sa kaharian ng Diyos.** Ang mga nakikinig lamang at gumagawa ng kalooban ng Ama ang papasok sa kaharian ng Diyos (Mt. 7:21).
5. **PITONG (7) PARAAN NG PAGSUBOK**
   - 5.1 **Ang pagsubok ng Paghihintay:** matagal na pagkaantala na sumusubok sa ating pasensya at pagtitiwala sa tamang panahon ng Diyos.
   - 5.2 **Ang pagsubok sa Ilang:** panahon ng pag-iisa o madilim na gabi ng kaluluwa, na isang pansamantalang espiritwal na kalagayan, at isang ganap na kawalan ng presensya ng Diyos.
   - 5.3 **Ang pagsubok sa paglilingkod:** tungkol sa mga gawain at responsibilidad na nagpapahirap sa atin.
   - 5.4 **Ang pagsubok sa Panustos:** mga limitasyon sa financial, pisikal, o iba pang sumusubok sa ating pagdedepende sa Diyos.
   - 5.5 **Ang pagsubok sa pamamagitan ng kapwa:** pagtanggap ng hindi patas na pagtrato na sumusubok sa ating pagmamahal at pasensya.
   - 5.6 **Ang pagsubok ng katahimikan:** pagsubok sa ating katapatan kapag ang Diyos ay tahimik (Phil. 4:12).
   - 5.7 **Ang pagsubok sa tagumpay:** pagsubok sa ating kababaang-loob kapag pinagpapala tayo ng Diyos.

**KONKLUSYON:** Ang pagsunod ay nagbubunyag ng kung ano ang nasa ating puso at nagbubukas ng ating espiritwal na mata. **Kapag tayo ay sinusubok ng Diyos, ang ating patunay ay ang ating pagsunod**.

**PAGNINILAY:** Ano ang hinihiling ng Diyos na gawin mo ngayon? Paano ka susunod kung nahihirapan ka?

**SCRIBES Ministry**
Isinalin ni: Nida A. Cruz
Na-edit ni: Ma. Vera Tuplano
Tags: #Pagsunod #Subok na Pagsunod
https://lordsflock.org/teachings/digests/
https://www.facebook.com/share/v/1HFGGWFR2j/